Mga refund, at kung bakit hindi naibabalik ang card fee

Magbalik ng pera mula sa invoice. Ipapakita sa iyo ng HQ ang card fee na mawawala sa iyo bago ka magkumpirma.

Mga hakbang

1. Buksan ang invoice at pindutin ang Ibalik ang pera.
2. Piliin kung magkano at bakit.
3. Basahin ang babala tungkol sa card fee, at kumpirmahin.

Mabuting malaman

Kapag nag-refund ka, itinatago ng Stripe ang processing fee na kinuha nito sa orihinal na bayad. Ipinapakita ng HQ kung mga magkano iyon bago mo pindutin ang button.

Babalik ang pera sa card ng customer. Puwedeng abutin ng ilang araw bago ito lumabas.